

# KULITIS

Ang kulitis o green amaranth (*Amaranthus spp*) ay nabibilang sa pamilya ng Amarantheceae o Amaranth.  Ito ay mahusay na tumubo sa mga bansang tropikal tulad ng Pilipinas. Ito ay may humugit-kumulang na 60 na uri. Bagaman ang iba dito ay madalas na ituring na mga damo, ang mga kulitis ay ginagamit bilang pagkain (dahon at butil) at ornamental. Madali at maaaring itanim ang kulitis sa buong taon sa hardin o sa bukid. Mayaman din ito sa bitamina *A, B6, C, riboflavin, folate, K* at mga mineral na *calcium, iron, magnesium, posporo, potassium, zinc, at copper.*



## MGA PANGUNAHING URI NG KULITIS

Amaranthus (Silangang Asya)

Amaranth (Pilipinas)



*Amaranthus cruentus*



*Amaranthus blitum*



*Amaranthus dubius*



*Amaranthus tricolor*



*Amaranthus spinosus L.* (Uray)

## PAGTATANIM

Ang kulitis ay maaaring paramihin gamit ang kanyang buto sa pamamaraan ng paglilipat tanim o direktang pagpupunla.

## PAGPUPUNLA

Itanim ang buto sa lupa na may lalim na 0.5 - 1.0 cm at may layo na 10 - 20 cm. Mainam na mataba at mabuhaghag na lupa ang pagtataniman. Takpan ito ng *compost* o ipa ng palay.

## PAGLILIPAT TANIM

Kailangan ng 2 kg ng buto kada ektarya at nangangailangan ng 400 na punla sa bawat metro kwadrado.

## PANGANGALAGA

Diligan ang kulitis pagkatapos itong direktang itanim o pagkalipat tanim. Regular din itong tanggalan ng mga pesteng damo sa unang yugto nito.



## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Ang mga karaniwang pesteng kulisap nito ay *aphids, spider mites* at *pigweed weevil*. Upang makontrol ang pagdami ng *aphids*, mainam na regular na i-*monitor* ang pananim. Kung kinakailangan, mag-spray gamit ang biyolohikal na pestisidyo na hindi makakapinsala sa mga natural na kaaway nito. Upang hindi dumami ang *spider mites*, iwasang magtanim sa kalapit ng napinsalang pananim. Bunutin ang may pinsalang halaman para naman mabawasan ang pagdami ng *pigweed evil.*

Samantala, ang pagkabulok at pagkalanta naman ang mga pangunahing sakit ng kulitis.

## PAG-AANI

Ang kulitis ay maaaring anihin pagkalipas ng 20 - 45 na araw mula nang itanim o ilipat tanim. Dahil madali itong malanta, diligan ito ng tubig upang manatili itong sariwa.

Masaganang ANI Mataas na KITA

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o mag text lamang sa FARMERS' CONTACT CENTER

**0920 946 2474**